

# 1

Nagkamali yata si Ava sa pagbalik sa lugar na ito.

Naroong lumuwag at humigpit ang mga daliri niya sa manibela, pinag-iisipan kung dapat ba siyang bumuwelta at paharurutin ang kotse pabalik sa main road. Sa bawat kinakaing distansya ng mga gulong sa may kalubakang daan, sa bawat pagkapal ng mga punong bumabati sa kanya sa tabi ng kalsada, tila numinipis ang hangin sa paligid at tila malalagutan siya ng hininga.

*I told you not to enter this room!*

“Stop it, Ava.” Humigpit ang mga daliri niya sa manibela. Pinindot niya ang volume sa center console at halos kumalog ang sasakyan sa lakas ng dagundong ng drums at electric guitar. Hindi siya kumalma sa malakas na tugtog, pero nakatulong iyon para lunurin ang ilang mga ingay sa kanyang isipan.

Pero walang kayang magpahupa sa paninigas ng kanyang mga kalamnan. Tanaw na niya ang malaking bahay ng kanyang lolo, ang mayayabong na bougainvillea na gumagapang sa pader sa labas...

Kung lilington siya sa kanan, sa kabila ng mga

puno at mga halaman, matatanaw rin niya ang isang bahay na kasing-laki ng ancestral house ng pamilya niya.

*You have no right to enter here!*

Ipinilig niya ang ulo.

*Breathe in breathe out*, utos niya sa sarili.

Hindi siya aatras, kailangan siya ng lolo niya.

Jason Rosales and his memories could go to hell.

*“Can you ever love me?”*

*Malamig ang ulan sa kanyang balat, pero walang tatalo sa yelong dala ng mga mata ng lalaki.*

*O sa katahimikang hindi kayang talunin ng kulog at ulan sa langit. Hindi siya nito sinagot, nanatili lamang itong nakatiim-bagang at nakakuyom-palad.*

*“Stop, stop,”* giit niya sa sarili.

Tiim-bagang, pilit niyang pinaalalahanan ang sarili na huminga.

Iginala niya ang tingin sa malaking bahay, pilit ibinabaon ang mga alaalang tatlong taon na niyang iniwan.

Ipinarada niya ang *Nissan Pathfinder* sa tapat

ng malaking bahay. Walang ipinagbago ang paligid mula nang huli siyang bumisita rito. Malalago pa rin ang bougainvillea at gumamela, ang mga kahoy na dingding ay mukhang bagong pintura pa rin. Typical ang disenyo ng three-storey mansion—gawa sa kahoy at mga bato ang mga dingding at ang mga bintana ay gawa sa capiz. May dalawang tore sa magkabilang bahagi nito at gawa sa pulang brick tiles ang bubong. Arches and marble spiral columns framed the front porch and terraces, invoking the elegance and nobility of an old, forgotten era.

Pinatay niya ang makina at lumabas siya sa kotse habang pinagmamasdan ang mansion ng abuelo. Namuo ang isang mabigat na buhol sa kanyang sikmura. Umalingawngaw sa kanyang isipan ang mga tawa at yabag sa mga pasilyo ng mansion na ito.

Tuwing summer lang siya bumibisita rito, pero mula nang fourteen years old siya, kapag nababanggit ang salitang tahanan, ang tunog ng mga tawa at tahol ng aso sa bahay na ito ang lumilitaw sa kanyang isipan.

And yet...

The image of a man with cold, hard eyes blazed in her mind. She shook her head, focused her attention on the house she once called home.

Sa labas, mukha itong haunted house sa mga pelikula, isang alagang haunted house, pero haunted house pa rin.

Alam niyang iba ang usapan pag pumasok na sa loob.

“Ava!” Humahangos na lumabas ng bahay si Aling Tina, ang butihing kasambahay. Nilalaro ng hangin ang maluwag na caftan dress nito at kumikinang sa panghapong araw ang puting buhok.

“Aling Tina.” Nakangiti niyang tinanggap ang mainit na yakap ng ubaning babae.

“Ba’t di ka nagpasabing darating ka? Ipinasundo ka sana ng lolo mo!”

Hindi niya mapigilan ang paninigas ng tiyan. Hinawi niya ang ilang hibla ng buhok na kumawala sa kanyang tali. Paano ba niya sasabihing hanggang sa pumasok siya sa harapan ng bahay ay pinag-iisipan pa rin niyang imaniobra ang sasakyan pabalik sa Maynila?

“Gusto ko lang i-surprise si Lolo.”

“Masu-surprise talaga ’yon! Hinihintay ka talaga n’on! Pareho kayo ng daddy mong hindi man lang mapadalaw dito. ’Yung mga gamit mo? Dalhin natin

sa loob. Dito ka ngayong bakasyon, di ba? Okay lang 'yon dahil walang pasok sa school, di ba?"

Napagsalamat siya sa bilis ng bibig ni Aling Tina. Wala siyang sagot sa ibang komento nito. Alam niya kung bakit hindi napapadalaw ang daddy niya. Walang oras si Alfonso Santiago maliban para sa sarili nito. Siya naman...

Pinigilan ni Ava ang sariling lingunin ang bahay sa di kalayuan. Nasa mas mataas na bahagi iyon ng lupa kaya tanaw mula sa mansion ng lolo niya. Tanaw rin mula sa terasa roon ang bahay na ito.

She remembered looking at her lolo's house while pressed against cool glass windows, her hot, naked skin sweaty against the glass pane as the man behind her pushed slow and hard inside her...

Mariin siyang pumikit at mabilis na umiling saka malalaking hakbang na tinungo ang trunk ng sasakyan.

"Isang maleta lang ang dala mo?" bulalas ng matanda habang tinutulungan siyang hilahin ang maleta pababa. "Buong bakasyon. Bakit 'yan lang ang dala mo?"

"Baka isang buwan lang ako dito, may summer camp sa susunod na buwan para sa mga volleyball

players ng school. Ako na, Aling Tina.” Kinuha niya rito ang bag at siya na ang nagbitbit niyon papunta sa hagdan ng porch.

“Coach na coach talaga, ah! Umabot sa regionals ang team n’yo s’abi ng lolo mo!”

“Magcha-champion kami sa nationals ngayong taon.”

Tumawa ang matanda at binuksan nito ang pinto para sa kanya. “Pero ang unti pa rin ng dala mo. Matagal din ang isang buwan.”

“Nabubuhay ako sa wash and wear.”

“Ay, hindi puwede ’yan. Paano ’yung pagpunta mo sa birthday ni Congressman bukas? Ikaw ang papupuntahin d’on ng lolo mo malamang.”

Muntikan na siyang matapilok kahit na naka-sneakers siya at makinis ang pulang sahig ng porch. “Ano?”

Tumawa lang ang matanda at itinulak na siya papasok sa loob.

Tila pumasok siya sa isang pahina ng *HomeStyle* magazine. Kung gaano ka-antique ang hitsura sa labas ng mansion, siya namang ka-moderno sa loob.

Makintab na pulang kahoy na sahig, malaking puting corner sofa at kulay lime na couches, iba-ibang kulay na throw pillows, rosewood coffee tables at Persian rugs, kulay orange na dingding—mukhang nagpa-renovate ulit ang lolo niya. All the same, the new style was stunning.

“Ang ganda, di ba? Parang di matandang ulyanin ang nakatira dito, ano?”

Tumawa si Ava. “Wala pa namang ulyanin sa inyo.”

Pero totoong maganda ang disenyo. Hindi na siya nagulat doon.

Nagagawang balansehin ng matanda ang moderno at makaluma. Hindi lang sa bahay, kundi sa lahat ng aspeto ng buhay nito. Malayung-malayo ito sa daddy niya.

“Dalhin ko na ’to sa kuwarto mo, punta ka na sa lolo mo.”

Hinayaan niyang kunin ng nakatatandang babae ang maleta.

“Okay lang ba siya? S’abi niya sa phone...”

Iwinagayway ng matandang babae ang isang kamay nito. “Nagda-drama lang ’yon, kasi naman

kung hindi pa sabihin ng lolo mo na naghihingalo na siya, mukhang hindi ka pupunta dito.”

Naisuklay niya ang mga daliri sa nakataling buhok. “So okay lang siya?”

“Okay lang kung sa okay. Mild heart attack symptoms lang daw sabi ng doktor. Pero, Ava, matanda na ang lolo mo. Siyempre mahina na talaga siya.”

Gumapang ang hiya at guilt sa kanyang mga ugat. Napaiwas siya ng tingin sa nakatatandang babae at huminto iyon sa isang dingding na puno ng mga larawan. Nakangiti sa kanya ang isang putikang dalagita. Tumatawa ang matandang kasama nito at madumi rin ang puting polo dahil sa pagyakap sa matangkad na batang babae.

Malinaw na malinaw sa kanya ang alaala kung kailan kinuha ang larawang iyon. Summer iyon noong fourteen siya. Unang araw niya iyon sa hacienda, inis siya noon dahil itinapon siya ng mga magulang sa liblib na lugar na ito. Katatapos lang maghiwalay ng mga magulang niya at nadawit siya sa isang gulo sa kanilang neighborhood sa California. Ang kanyang mommy, busy sa acting career nito at ang kanyang daddy, busy sa pagiging doctor. Pinag-empake siya at itinapon sa Pilipinas.



Pagkadating na pagkadating niya, dinala siya ng lolo niya sa isang fiesta. Isinali siya nito sa habulan ng baboy sa putikan. She had never laughed so hard in her life.

Kumurap si Ava at gumala ang mga mata sa iba pang mga larawan. Marami roon ay siya pa rin kasama ang kanyang lolo—ang taong lagi siyang sinasamahan sa tuwing kailangan niya ng karamay.

“Si Clarissa madalas pumunta dito, ba’t ikaw hindi?” narinig niyang untag ng nakatatandang babae.

Bumaling ang mga mata niya sa larawan ng kanyang lolo kasama ang isa pang dalagita. Ibang-iba iyon sa mga kuha nila ng kanyang abuelo. Walang bahid ng putik ang kapatid sa kahit isa sa mga larawan nito. Tila anghel ito sa suot na mga bestida at sa kulay brown nitong buhok at mala-porselanang balat.

Hinayaan niya ang sariling ngumiti.

Pero nawala iyon nang mapadako ang mga mata niya sa isang larawan ng kapatid at ng kanyang lolo. Kuha iyon last year, sigurado siya mula sa layered hair style ni Clarissa. Pasko iyon at masayang magkayakap ang dalawa. Marami pang ganoong kuha ang kapatid

niya kasama ang lolo nila nitong nakaraang tatlong taon.

Pero ang sa kanya, huminto noong twenty-three years old siya.

“Busy lang sa trabaho.” Iniiwas niya ang tingin sa mga larawan. “Sige, Aling Tina, puntahan ko na si Lolo.”

Tinanguan niya ang matanda at tinungo ang silid ng abuelo.

Sinalubong siya ng mga alaala sa hallway. Halos naririnig pa niya ang malakas na tawa ng isang batang babae at ang pagsaway rito ng isang may katabaang si Aling Tina. Halos nakikita rin niya ang aso niya noon na si Rugby na tumatahol at hinahabol niya. Laging putikan ang makintab na pulang sahig at kremang mga dingding dito noon sa tuwing narito siya.

Humugot siya ng malalim na hininga at pinakawalan din iyon.

Natagpuan ni Ava ang matandang lalaki sa terasa ng silid nito, nakaupo sa isang lounge at may hawak na libro.

Naramdaman niya ang pag-iinit ng mga mata. Nakikita niya ang abuelo sa *Skype* pero iba pa rin ang

personal na makita ito.

Halos puti na ang lahat ng buhok nito pero naroon pa rin ang pilyong kislap sa mga mata ng matandang lalaki. Umihip ang hangin at kunot-noo itong nagtaas ng tingin.

Hindi maikakaila ang pagliwanag ng mga mata nito at pakiramdam niya, bumalik siya sa pagiging fourteen years old, noong unang dumating siya rito sa hacienda, galit at malungkot na sinalubong siya sa airport ng kanyang nakangiting lolo.

“Ava!”

Lalong nanikip ang lalamunan niya. Paano niyang hinayaan ang isang lalaki na ihiwalay siya sa taong ito?

“Lolo...”

Kusang gumalaw ang mga paa niya palapit sa matanda. Pero isang galaw sa gilid ng kanyang mga mata ang nagpatigil sa kanya. Tila may kuryenteng dumaloy sa paligid.

Tumayo ang mabining balahibo sa kanyang batok at narinig niya ang pagsigaw ng isang boses sa kanyang isip.

*Run! Run as fast as you can and never come back!*

Pero gaya noong twenty-three years old siya, nanatili siyang nakatulos sa kinatatayuan na tila ipinako ang mga paa sa makintab na sahig. Nanigas ang lahat ng kalamnan niya habang nakatitig sa lalaking tumayo mula sa couch sa terrace.

God, it hurt to see him.

Was he really this tall?

Tila tumangkad ang lalaki mula nang huli niya itong makita. Pero sigurado siyang imahinasyon lang niya iyon. Twenty-nine na ito nang una niyang makilala, thirty-two na ito ngayon at ang alam niya, humihinto ang pagtangkad ng tao pagtapak ng twenty-one.

Akala niya ay pinaganda lang ng kanyang isipan ang mga alaala ng imahe ng lalaking ito. Na marahil masyadong pinatingkad lamang ng kanyang damdamin ang pisikal na anyo nito. Surely, no one looked *that* good. Ava thought her silly mind only glorified his dark, unruly hair, his chiseled cheekbones, his strong, patrician nose and those soft, soft lips and dark brown eyes. Pero hindi. He was all those things and more.

“Ava.”

Even his voice seemed rougher and deeper than

*Insensitive - Dior Madrigal*

---

she remembered, and it awakened a bitter ache in her chest.

Pinilit niya ang sariling ngumiti sa dahilan kung bakit hindi niya magawang bisitahin ang lolo niya nitong nakaraang tatlong taon.

“Jace,” matigas niyang sambit.

## 2

Pinilit niya ang sariling huwag iiwas ang tingin dito. She couldn't, wouldn't let him see just how much he still affected her.

“Ava! Ba't di mo sinabing darating ka? Sinundo sana kita!”

Umalingawngaw sa kanyang mga tainga ang boses ng kanyang lolo at pinilit niyang labanan ang pagnanais na tumakbo palabas ng silid. Pinilit niya ang sariling bumaling sa kanyang abuelo. Masakit ang bagang niya at pinilit niya ang sariling luwagan ang pagkakatikom ng mga labi. Ramdam niya ang titig ng lalaki sa gilid ng kanyang mukha, tila iyon mainit na sikat ng araw sa kanyang balat. Malapad ang ngiting naglakad papunta sa kanya ang abuelo.

“I wanted to surprise you.” Pinilit niya ang sariling ngumiti sa matanda.

Tumawa ito at niyakap siya. “I missed you, little munchkin.”

Hindi niya mapigil ang tawa sa kabila ng mabigat na nakadagan sa kanyang dibdib. “I hate that nickname.”

Kinalas ng matandang lalaki ang yakap nito pero nanatili ang hawak sa kanyang braso. Payat ang mga kamay ng matanda pero naroon ang lakas sa mga daliri nito. Mainit na haplos iyon sa malamig niyang puso. Her lolo was doing well. At least, there was something she could be happy about.

“Talagang ginulat mo ’ko. Kumain ka na? Ipaghahanda—”

Mabilis siyang umiling. “Kumain na ako, ’Lo. Okay lang.”

“Ikaw lang mag-isa?”

Tumango siya. “Dad’s not with me, I’m sorry.”

Maliit na ngumiti ang matanda pero kita niya ang pagdaan ng anino sa malinaw nitong mga mata.

“I’m so happy to see you here again, child.”

Sumakit ang lalamunan niya at mabilis siyang kumurap. How could she have been so weak and selfish? Pero habang nakatayo sa likuran niya ang matangkad na lalaki, naiintindihan niya kung bakit hindi niya magawang bumalik dito nitong nakaraang tatlong taon. Kahit ngayon, kailangan niyang pigilan ang sarili na tumakbo palayo rito.

It was self-preservation.

Tumango ang matandang lalaki at napakurap din nang mabilis, pagkatapos ay napatingin sa kanyang likuran na para bang ngayon lang naalalang may kasama nga pala silang iba.

“Oh, where are my manners? Ava, you remember Jason, don’t you?”

Pinigil niya ang pagnanais na tumawa nang mapait. Remember Jace? Sana ay puwede niyang sabihin na hindi. Iginiya siya ng lolo sa tabi ng couch na inuupuan ng lalaki kanina.

“Sa kanila ’yung bahay malapit dito, di ba?” Ibinaling niya ang tingin sa lalaki at nakitang mataman itong nakatitig sa kanya. Her stomach clenched at the sight of those dark eyes staring intently at her.

Those eyes triggered so many memories that flew through her mind with jarring clarity.

Images of Jace above her, sweat covering his dark, golden skin, the tight muscles of his abdomen contracting with each heavy thrust of his hips between her thighs. Jace in his office, sitting on his chair as she straddled him, her skirt hiked up around her waist, her hips buckling wildly, her head falling back as she rode them both to release.

A delicious shiver ran down her spine at the



memory of his hard thickness filling her, his hands spreading her thighs wider as he buried himself to the hilt.

“Inyo ’yung katabing hacienda, di ba?” Matigas siyang ngumiti sa lalaki habang pilit itinutulak sa dulong bahagi ng isipan ang mga alaala. “Sa ’yo ako nag-part time noon, di ba?”

Pumintig ang isang ugat sa matigas nitong panga sa gusto niyang palabasin. Magaspang ang pangang iyon dahil sa papatubong balbas, at lalong pinatigas niyon ang maanggulong hulma ng mukha nito.

“Yes.” Matigas at magaspang din ang boses ng binata kagaya ng panga nito. Bumaon ang mga daliri niya sa kanyang palad at pinilit niyang ibuka ang mga kamay.

“Remember the horse I told you about?” Pinukaw ng boses na iyon ng kanyang lolo ang isipan niya at pinilit ang sariling ibalik ang atensyon dito.

“Yes, Lolo.” Pumuwesto sila sa lounge na inuupuan nito kanina.

Sa gilid ng kanyang mata, nakita niyang umupo rin si Jace sa couch. She resisted the urge to grind her teeth. How could someone so big move with such grace?

“Yun ’yung abused na kabayo, di ba?” aniya, pilit ibinabaling ang lahat ng atensyon sa abuelo. “Yung inalok sa inyong alagaan n’ung kakilala ninyong veterinarian?”

Tumango ang kanyang lolo. “Dinala dito noong kamakalawa. Pero alam mo namang matanda na ’ko, hindi ko na kayang mag-alaga ng kabayo, kaya nga wala na tayong kabayo dito sa hacienda. Pero kawawa naman kung hindi ko tatanggapin, baka i-euthanize kapag walang nag-alaga. Matanda na kasi, hindi rin puwedeng gawing pangkarera o palahian.”

Tila robot siyang tumango. Tingin niya ay alam na niya kung saan papunta ang usapang ito.

“Kay Jace ko na muna ipinaalaga, pero akin ang gastos.”

“And as I’ve told your grandfather, I can shoulder the expenses.” Jace’s deep baritone made her skin prickle with desire.

Pinigil ni Ava ang mapapikit nang mariin. God, why did everything about him trigger dozens of memories in her head? Jace’s mouth on her skin, his breath gusting over her ear as he whispered hot words to her, his hips pounding mercilessly between her thighs...

Pinaalalahanan niya ang sariling huminga nang maayos. Her grandfather was in the room, for goodness' sake! "Nonsense!" bulalas ng matanda. "Inabala na kita—"

"Puwedeng ako na talaga ang umampon kay Draco."

Mariing umiling ang kanyang lolo. "No. You've already done so much by taking Draco in. Chipping in money is the least that I can do. That's non-negotiable, young man."

Sa kabila ng lahat, tumaas ang sulok ng kanyang mga labi. Malambing at maunawain, pero di matatawaran ang sense of responsibility. That's her lolo, well balanced in all aspects of life.

Binalingan siya ng matanda at ginagap ang kanyang mga kamay. "Buong bakasyon ka dito?"

Marahan siyang umiling. "Isang buwan lang, may summer camp 'yung mga bata, kailangan kong bumalik para sa training."

Ngumiti ito pero naroon ang lambong sa mga mata at gusto niyang paluin ang sarili dahil siya ang naglagay niyon doon. "I'm sorry," mabilis niyang usal.

"It's okay, Ava. You're training hard, that's good!"

I'm sure you'd win the national championship this year." Nagtaas ito ng tingin sa kanyang ulo. "Alam mo ba, Jace, coach ito ng volleyball team sa isang high school sa Quezon City. Umabot sila sa regionals noong nakaraan."

"Yes, I know."

Nanikip ang kanyang sikmura at pinigil niya ang pag-igkas ng ulo para tumingin dito. Pinanatili niyang nakatitig ang mga mata sa balikat ng kanyang Lolo.

"Napanood ko sila sa TV," paliwanag ng lalaki.

"Two years pa lang coach si Ava, pero gan'on na agad ang naabot ng team niya. She's a genius, I tell you!"

She lifted her chin. "Napaghahalatang magkadugota—"

"She is."

The deep certainty in Jace's rough voice, the pride, the faith, they made her curl her fingers into a fist.

"Ah, 'Lo," aniya, pilit pinapatatag ang tinig. Naabot na niya ang kanyang quota ng emotional pain ngayong araw at tingin niya ay kailangan na muna niyang sumibat. May isang buwan pa niyang

makakasalubong sa kung saan-saan ang lalaki. “May pinag-uusapan pa ’ata kayo, iwan ko muna kayo. Aayusin ko muna ’yung—”

“No, I’m the one who should go.” Naramdaman niyang tumayo ang lalaki mula sa couch. “I’ll—”

“Mabuti pa siguro ipakita mo na rin kay Ava si Draco.”

Nanlaki ang mga mata niya at nanlamig ang mga palad. “Hindi na, ’Lo—”

“Pero s’abi mo noong nag-*Skype* tayo gusto mo siyang makita?”

Mabilis siyang umiling. “Sa susunod na lang, baka nakakaabala na tayo kay Jace—”

“Pero si Jace lang ang puwedeng lumapit kay Draco.”

Tila dumudulas na tubig sa kanyang palad ang lakas niya.

“Jace had this magical thing with animals. Nagwawala ’yung kabayo kapag iba ang lumalapit.”

Nanuyo ang kanyang lalamunan. Baka puwede niyang sabihin na hindi na niya gustong makita iyong kabayo? Pero masyadong obvious iyon. Wala siyang

malalim na interes sa kabayo, pero magtataka ang matanda kung ipagdidiinan niyang ayaw na niya iyong makita.

“Ava?” Bumalatay ang pag-aalala sa mukha ng abuelo at mabilis siyang ngumiti.

“Okay.” Tumayo siya mula sa lounge at hinarap ang lalaki.

Those dark eyes made her want to turn back and run to her SUV. She felt like that lost girl again—that stupid girl who asked him if he could ever love her. Pero hindi siya umatras sa titig nito.

Not this time.

She was older now, different, stronger. “Sige, punta na tayo?” aniya, matatag ang tinig.

Tumango ito, hindi inaalis ang titig sa kanyang mukha.

“Let’s go.”

Sandali niyang ipinikit ang mga mata, nanalangin para sa lakas na wala sa kanya.

---

“Seems to me that Draco really likes you.” Huli na bago niya napigilang lumabas ang mga salita.

Mabilis niyang itinikom ang mga labi. She wanted to kick herself.

Bumaling ang lalaki mula sa pagkakatingin sa kabayo at tinitigan siya sa mga mata. Kumuyom-palad si Ava at pinigil ang sariling umatras. Goddammit. Nang pumayag siyang sumama rito para tingnan si Draco, sinabi niya sa sariling lilimitahan niya ang pag-uusap nila hangga't puwede. Pero ano ang ginagawa niya?

Pasimple siyang sumandal sa kalapit na barandilya sa kuwadra para balansehin ang sarili.

“Maybe,” anito, hinahagod ang mahabang buhok ng kabayo habang kinakagat ng hayop ang natitirang mansanas sa palad nito. “But that’s probably because I stayed with him all night when he first came here.”

Iniiwas ni Ava ang tingin sa lalaki, hindi gusto ang tinatakbo ng kanyang isipan. She didn’t like the way the smell of leather and hay amplified Jace’s raw masculinity. She didn’t like the way he seemed to fit in this barn with his faded *Levi’s* and stained black shirt. The earthy scent of the place, mixed with the aroma of oil used in saddles conjured images of Jace bare chested, his golden skin pulled tight across taut muscles as he lifted heavy logs.

“Hindi ’yon magic kagaya ng sabi ng lolo mo.”

Gusto niyang takpan ang mga tainga para hindi na marinig ang boses nito. Pero nanatili siyang parang tuod na nakasandal sa kuwadra ilang dipa ang layo mula rito.

“It’s patience and hard work. There’s nothing special there.”

Tumango si Ava, may mapait na nalalalahan sa kanyang dila. Of course, Jace never did believe in things like magic. He was too rational.

Even with whatever they had back then, he reduced everything to lust and extreme sexual attraction.

Nothing special there, too, it seemed. At least, kung ito ang tatanungin. Tumaas ang sulok ng kanyang mga labi sa isang mapait na ngiti. Ah, no, mali siya roon.

He did believe in magic once.

Kumislap sa kanyang isipan ang larawan ng isang babaeng naka-traje de boda.

Itinulak niya ang sarili palayo sa barandilya. “Balik na ’ko. Nice seeing you again, Jace.”



“Ava.”

Tumiim-bagang siya at pinilit ang sariling huwag lumingon dito. Ramdam niya ang titig nito, tila nagdidikit iyon ng apoy sa kanyang batok.

“That night, I’m—”

“It’s okay,” mabilis niyang putol. Kailangan na niyang makaalis dito. Parang lumiliit ang kuwadra at parang babagsak ang mga dingding at bubong sa kanya. “I pushed you too far that night. I shouldn’t have entered that room. I shouldn’t have touched *her things*. Heaven knows how you want to preserve everything about—”

“Stop.”

Pinigil ni Ava ang isang marahas na tawa. *Stop*. Of course, iyon ang lagi nitong sinasabi kapag masyado na silang nagiging malalim. *Stop*.

*Don’t go any deeper. You shouldn’t cross the lines. You have no right.*

Maingat siyang humugot ng hangin. Nanuot sa kanyang ilong ang amoy ng damo, ng dayami, ng langis at balat.

She was reminded of a strange and primal scent.

A male scent.

Pinuwersa niyang gumana ang kanyang lalamunan bago tuluyang umalis. “See you around, Jace.”

---

“You could at least visit this weekend. Nasa Pilipinas ka naman na, bakit hindi ka pa bumisita dito kay Lolo?” Pilit pinanatili ni Ava na mahinahon ang kanyang tinig, pero mahirap iyon. Mabilis mag-init ang ulo niya kapag kausap ang daddy niya.

At ganoon din ang pakiramdam ng kanyang ama. “I’m only here for a convention.” Nagtitimpi rin ang tono nito.

Parang gusto na ni Ava na putulin ang tawag dahil alam na niya ang susunod na sasabihin nito. Hindi siya nito binigo.

“Hindi kagaya ng trabaho mo ang trabaho ko. Walang bakasyon ang mga doktor hindi kagaya ng teacher.”

Kung banggitin nito ang salitang teacher parang kahilera iyon ng prostitute. Sanay na siya dapat dito, hindi na siya dapat naapektuhan nito. Pero hindi ganoon ang kaso.

Kumukulo pa rin ang dugo niya, kumukuyom pa rin ang mga palad niya. “Fine,” she spat. “Good night, Dad.”

“Do you still coach that baseball team?”

Mariin siyang pumikit at bumaon ang kanyang kamao sa kubrekama. “It’s a volleyball team.”

Her father snorted and she could picture the sneer on Alfonso’s face. “You’re just like your mother, always craving for attention.”

*Ibaba mo na, ibaba mo na!* Pero may pagkamasokista yata siya, dahil nanatili siyang tiim-bagang na nakikinig sa ama.

“Alam ko namang hindi ka kasing-talino ni Clarissa at hindi mo kayang maging doctor. But a PE teacher, Ava? Wala ka bang ibang mapiling propesyon? Did you even try applying for a clerical position?”

“Good night, Dad.” Mariin niyang pinindot ang end button bago pa siya may masabing hindi na niya mababawi.

Mabibigat ang mga paang nagpauli-uli siya sa kahabaan ng silid. She wanted to scream, break something. Noong mas bata-bata pa siya ay iyon ang

ginagawa niya. Pero hindi na ngayon.

Pumikit si Ava at humugot ng malalalim na hininga. Itinuon niya ang lahat ng pansin sa paghugot at paglabas ng hangin sa kanyang katawan. Ilang beses niyang ginawa iyon hanggang sa maramdaman niyang humupa ang pagnanais niyang manapak.

God, she loved yoga. Kung lahat ng tao ay matututo niyon, magiging mas payapa siguro ang mundo.

Bumuntong-hininga siya at umupo sa desk chair saka inilibot ang tingin sa silid. Bagaman hindi pinalitan ang kulay, bago ang pintura roon, iyon lang ang nagbago. Tinitigan niya ang mga pader. Nang huli siyang narito, gabi-gabi siyang nakikipagsigawan sa ama sa telepono. Bakasyon iyon ng pangalawang taon niya sa med school. Bumagsak siya sa halos lahat ng subjects niya at halos araw-araw siyang tinatawagan at sinisermonan ng kanyang daddy. Pinipilit siya nitong bumalik sa Maynila para kumuha ng summer classes. But she didn't want to.

She hated med school and everything that had to do with it. She hated herself. And then she met *him*. Pumikit siya at ipinilig ang ulo.

“Ava?” Boses iyon ng kanyang lolo.

Nakangiti siyang tumayo at tinakbo ang pinto. Sisigaw na siya at sasabunutan ang sarili kapag isa pang alaala ni Jace ang sumakop sa kanyang isip.

“Lolo.”

“Akala ko tulog ka na.” Nakangiti rin itong pumasok sa kuwarto niya. “Just want to tell you good night, munchkin.”

Tumawa siya at niyakap ang matanda. “Love you, too, ’Lo.”

Pagkahiwalay, hinaplos nito ang kanyang buhok. Lagi iyong ginagawa ng abuelo sa kanyang buhok kahit noong bata siya. Hindi niya gusto ang buhok niya noon, mas gusto niya ang buhok ni Clarissa. Pero tinulungan siya ng kanyang lolo na maniwala na hindi niya kailangang maging kamukha ng kanyang kapatid o ng kahit na sino pa para maging maganda.

“Sige na, Apo, matulog ka na.” Nakangiting tumalikod ang kanyang lolo pero hinawakan niya ito sa braso. Bumaling ito sa kanya, may mapang-unawang ningning sa mga mata.

“Lo, sorry. Sorry hindi ako nakadalaw nitong nakaraan.”

Nanatili ang mapang-unawang kinang sa mga

mata nito, pagkatapos ay kumiling bahagya sa kanan ang ulo. “What happened, Ava? Bakit biglang hindi ka na bumalik? What happened that summer, child?”

Nagkabuhol-buhol ang kanyang sikmura.

She couldn't tell him. She couldn't tell this one person who believed so much in her. She couldn't tell him that his beloved little munchkin was a desperate, pathetic girl who had been willing to beg for scraps of affection from a man who couldn't give anything more than a few hours of hard f\*cking.

“I just...” Nilabanan niya ang mga luha at ang panginig ng tinig. “Gusto ko lang... ayusin muna ang buhay ko noon.” Pinilit niyang tumitig nang derecho sa abuelo. “I was so lost... and I needed space. Masyado akong naging abala at hindi ko kayo nabisita.”

Tumango ang matanda pero kita niya sa mga mata nito na alam nitong hindi niya sinasabi ang buong katotohanan.

“And you did great, Ava. You're a wonderful woman. Natapos mo ang degree mo sa Physical Education sa loob lang ng isang taon, nakakuha ka rin agad ng magandang post sa isang magandang school. I'm proud of you, Ava.”

Mariin siyang pumikit at niyakap ulit ang kanyang lolo.

“Ah, bago ko makalimutan,” narinig niyang sambit nito. “Bukas nga pala sa birthday ni Congressman—”

“Yes, ako ang kailangang pumunta,” putol niya. “It’s okay, nabanggit na ni Aling Tina.”

Ramdam niya ang ngiti ng matandang lalaki sa kanyang buhok. “Thank you, Ava. Alam kong ayaw mo rin sa mga ganoong party, but have pity on your old man, munchkin. Mamamatay ako sa boredom d’on. At least, ikaw ay medyo bata pa. You can still grin and bear it.”

Tumawa siya at kumalas sa abuelo. Isa iyon sa mga pinagkakasunduan nila. Pareho nilang ayaw sa mga parties. Pero naiintindihan niya na kailangang makihalubilo sa mga importanteng tao sa kanilang lipunan.

And her gradnfather was right. Mabuting siya na ang humarap sa mga ganoon. “Pero pupunta muna ako sa bayan para bumili ng damit. Wala akong dalang formal dress.”

“Do that. My treat, of course.”

Ngumisi siya at tumango. “Of course.”

# 3

Ava loved her grandfather, but sometimes, she wanted to throttle the old man. “Lo,” aniya, matigas ang tinig habang matalim ang tingin sa lalaking nakasandal sa isang itim na *Ford* pick-up.

Kaswal ulit ang suot ni Jace, maong at T-shirt. But for her sanity’s sake, those jeans should be banned where Jace was concerned. The darn material hugged his hips and powerful thighs, tight enough to define those muscles and induce X-rated fantasies. And that white shirt... Kumuyom-palad siya.

He shouldn’t wear white. Or black. He should just wear a sack. But she had a feeling even a sack couldn’t dampen the raw animal magnetism radiating from his pores.

Bumaon ang mga daliri niya sa kanyang palad. How many times had she scraped her fingernails across those slabs of muscles in the past? Iniiwas niya ang tingin dito at ibinaling ang mukha sa kanyang lolo.

“Hindi ko kailangan ng babysitter.”

“Ava,” simula ng lolo niya. Ibinuka niya ang



bibig pero nagtaas ito ng isang daliri. “Marami nang nagbago sa tatlong taon sa bayan. Mahihirapan kang maghanap—”

“Marunong akong magtanong, may cell phone ako, may dala akong pera, I’m sure hindi ako maliligaw.”

Bumuntong-hininga ang matanda at tinapunan ng tingin si Jace. “Hijo, sandali lang.”

Tumango ang lalaki at hinawakan siya ng kanyang lolo at iginiya papasok sa porch. “Ava, is there something you’re not telling me?”

Kumislot ang kanyang puso sa dibdib. “What do you mean?”

“About you and Jace, is there something you’re not telling me?”

*Oh God...*

Mabilis siyang umiling at halos tumama sa pisngi niya ang nakatali niyang buhok sa lakas ng paggalaw niya. “Of course not.”

As far as her lolo was concerned, nag-part time siya sa kompanya ni Jace isang summer na nandito siya. Depressed siya noon at kailangan niya ng paglilibangan. Pero hindi alam ng lolo niya kung ano

talaga ang naging libangan niya noon.

“Then why are you acting so skittish around him?”

*Skittish?* Ilang beses siyang nagmura sa isipan. “Di ’yon gan’on, ’Lo, ano lang, ayoko lang makaabala sa iba.”

Bumaling ito kay Jace at malakas na nagsalita. “Hindi naman ito abala, Jace, hindi ba?”

She swore the bastard smirked.

“Not at all.”

Muntikan na niyang hubarin ang rubber shoes at ibato rito.

“See?” anang matanda nang bumaling sa kanya. “It’s all good, Ava. Sige na, mas mabilis kung may kasama ka. Mas mabuti na ’yon.”

Hinalukay niya ang isipan para sa isa pang excuse, pero wala siyang mahagilap. At sinasabi ng kunot ng lolo niya na kapag nagdahilan pa siya, maniniwala na ito na may itinatago siya.

“Fine,” ani Ava, halos mabasag ang mga ngipin sa pagtiim-bagang. “Later, ’Lo.”

Hinagkan niya sa pisngi ang matanda at dinalawa

ang pagbaba sa hagdan ng porch.

Nanigas ang mga kalamnan ni Jace nang lumapit siya rito. Kita niyang pinigil nito ang paghinga.

Gusto niyang tumawa. Ano ba ang akala ng lalaki, itatapon niya ang sarili sa paanan nito at susunggaban ito?

“Calm down,” mahina niyang singhal nang makalapit dito. “I’m not gonna jump you.”

Nagdilim ang mukha nito at bumuka ang mga labi pero tumalikod na siya at umikot papunta sa passenger side. Pumasok siya at maingat na sinara ang pinto.

Naaninag niya sa gilid ng kanyang mata na nagpaalam ang lalaki sa kanyang abuelo at ilang segundo pa ay pumasok na rin ito sa pick-up.

Lumiit ang loob ng sasakyan nang pumasok ito. His warmth spread throughout the suddenly small enclosure, and his scent—soap and clean male skin—wrapped around her like a thick mist. Nilabanan ni Ava ang pagnanais na buksan ang pinto at tumakbo palayo. Isiniksik niya ang sarili sa gilid ng pinto sa tabi niya.

“Calm down,” anito, mababa at nagpipigil ang

tono habang binubuhay ang makina ng sasakyan.  
“I’m not gonna jump you.”

Hindi niya ito magawang tingnan. Ganoon sila sa sumunod na isang oras.

---

Hindi siya nahirapang humanap ng damit. Nagustuhan niya ang pangalawang bestida na sinubukan niya sa unang boutique na pinasukan nila. Hindi siya mahilig magsuot ng cocktail dresses o ng kahit anong klase ng dress, pero hindi siya mahirap bagayan ng damit.

Salamat sa genes ng mga magulang niya, matangkad siya at mahubog ang kanyang katawan.

At dahil sporty siya mula pagkabata, maganda rin ang porma ng kanyang kalamnan. She’d been playing different sports all her life, pero volleyball ang pinakahilig niya mula high school. Nang tuluyang manirahan sila rito sa Pilipinas noong eighteen siya, ipinagpatuloy niya ang paglalaro ng volleyball sa college na pinasukan niya. Iyon ang isa sa mga dahilan kaya nagkaroon agad siya ng trabaho matapos makuha ang degree niya sa Physical Education.

In-absorb siya ng high school department ng kolehiyong pinasukan niya. Naging captain siya ng

volleyball team doon.

Pinagmasdan ni Ava ang repleksyon niya sa salamin.

She had always been voluptuous. Too voluptuous, in her opinion. Her wide shoulders, full breasts and curvy hips always drew talent recruiters when she was younger. Lamang, hindi siya interesadong mag-artista.

Mali ang daddy niya, hindi siya mahilig sa atensyon kagaya ng kanyang ina. Gusto lang niyang maglaro ng volleyball mula pagkabata. Hindi iyon dahil sa atensyon o kung anupaman.

Pilit niyang itinuon ang pansin sa napiling damit. The coral lace dress hugged her curves in all the right places. The sweetheart neckline drew attention to the swell of her breasts without making it look indecent. Tama rin ang haba nito na umabot hanggang sa bandang taas ng kanyang tuhod.

Hinubad ni Ava ang bestida at hinagilap ang suot niya kaninang pantalon at blouse. Hindi siya nag-abalang ipakita pa kay Jace ang cocktail dress. Wala siyang balak i-reenact iyong mga eksena sa mga pelikula at libro kung saan ipinapakita ng bidang babae sa bidang lalaki ang damit na isinusukat nito.

She didn't need his opinion, salamat na lang nang marami.

Pagkalabas ng fitting room, dumerecho siya sa cashier para bayaran ang damit. Kunot-noong lumapit sa kanya si Jace pero huminto ilang dipa bago tuluyang makalapit sa kanya. Pinigil niya ang isang mapait na tawa. Kung umarte ito, parang may venereal disease siya at mahahawa ito kapag lumapit sa kanya.

“You're done?”

“Yes,” she couldn't help snapping.

Tumigas ang ekspresyon nito sa tono niya.

Hindi niya ito pinansin at hinintay na i-punch ng kahera ang mga binili. Doon din kasi siya pumili ng sapatos. Kinuha niya ang unang black stilettos na nagkasya sa kanya. Hindi niya alam kung anong kulay ang babagay sa isang coral dress. But when in doubt, choose black, 'ika nga.

Nang magtaas siya ng tingin matapos iabot sa kanya ng cashier ang bag ng mga pinamili, nakita niyang nakatitig sa kanya si Jace habang nakataas ang sulok ng mga labi. Humigpit ang mga daliri niya sa tali ng bag.

He had a very sensual smile. It made one think of naughty things, like jumping him in the middle of a store kind of thing.

Napakurap si Jace at napakunot-noo na para bang hindi nito namalayang nakatitig ito sa kanya.

“What’s with the expression?” she spat.

Lalo itong napakunot na para bang hindi maintindihan ang tanong niya. Pero sa huli ay umiling ito at hinawakan ang batok.

“Nothing, I’m just thinking you shop very fast and you don’t seem to like dresses very much.”

Pagduro iyon sa isang lumang insecurity ni Ava.

Kumislap sa kanyang isipan ang isang alaala noong bata pa siya—si Clarissa, naka-pigtails at pink gown habang siya ay naka-shorts at maduming T-shirt.

Narinig din niya ang sigaw ng mommy nila. *Ava! Ba’t ba ang gaslaw mo?*

Matigas siyang ngumiti sa kaharap. “Sorry if I’m not feminine enough.” Malalaking hakbang niyang nilagpasan ito pero naramdaman niya ang mabilis na pagsunod ng lalaki.

“That’s not what I meant.”

Hindi niya ito pinansin at patuloy siya sa paglakad palabas ng boutique. Pero pumulupot ang mga daliri nito sa kanyang braso at napaigtad siya. The feel of his rough fingers against her skin brought jolts of awareness across her flesh.

Napaigtad din ang lalaki at mabilis siyang binitawan na tila ba napaso rin ito sa paghawak sa kanya. Kumuyom-palad ito at tumiim-bagang. “I’m sorry.”

Pinigilan niya ang pagsinghal. “Just drive me home, Jace.”

Walang lingon niyang tinungo ang parking.

Makapal ulit ang katahimikan sa pagitan nila sa biyahe. Pero di kagaya kanina, tila mas mabigat iyon ngayon. Pinanatili niyang nakatitig ang mga mata sa mayayabong na puno sa gilid ng kalsada.

“I’m sorry.” Jace’s words cut through the silence like a sharp blade. Those words, so heavy and so rough, grated on her last nerve.

Hindi siya nag-abalang magkunwari na hindi siya sigurado kung ano ang inihihingi nito ng tawad. Nasa hangin iyon sa pagitan nila, tila isang malaking



pulang signboard na nagpapaalala sa mga nangyari tatlong taon na ang nakaraan.

“It’s okay, Jace. Matagal na ’yon.”

“It’s not okay, and you know it.”

Pinigil niya ang pag-ahon ng mapapait na emosyon.

Marahas na bumuga ng hangin ang lalaki at sa gilid ng kanyang mata ay nakita niya itong isinuklay ang mga daliri sa makapal nitong buhok.

“God, Ava, you were just twenty-three back then. I was—”

Hindi niya mapigil ang mapait na pagngiti. “You were horny, that was all. And yes, I was twenty-three, an adult.”

Hindi ito sumagot pero ramdam niya ang pagpipigil nito sa pagsumbat. He wasn’t the only horny one back then.

“I’m sorry,” ulit ng lalaki, matigas at mabigat pa rin ang tono.

“Forget it,” aniya, mapait at makapal ang tinig.

“If only I could turn back time, I wouldn’t have—”

Doon na napigtas ang pasensya ni Ava. Parang narinig pa niya ang pakapigtas niyon, parang lubid na tumalsik sa sobrang tindi ng paghila.

“You wouldn’t have what?” asik niya, nanginginig ang tinig sa mga emosyong hindi niya totoong naharap at napakawalan. “What are you sorry about exactly? That night I entered your room—*her* room? You’re sorry I touched *her* precious things? Or was it about our fight that night? Were you sorry about hurting me over and over? Sorry that you used me? About f\*cking me? What the f\*ck are you sorry about?” Mataas at hysterikal ang boses niya pero kabaligtaran ang anyo ng lalaki.

Tila sing-lamig at sing-tigas ito ng yelo. “Everything,” anito. “I’m sorry about everything.”

“And I already said it’s okay,” aniya, pilit pinakakalma ang sarili. Kaya hihinaan niya ang boses, patutunayan niyang kaya rin niyang maging katulad nito—kalmado at tila walang pakialam sa mundo. Pero hindi niya magawa. Nag-iinit ang mga mata niya at parang sasabog ang kanyang dibdib. “Ano pa ba’ng gusto mong sabihin ko? Wala na tayong magagawa d’on. Ayoko nang balikan pa ’yon. Kung nakokonsyensya ka sa nangyari, deal with it.”

“I told you. I told you from the beginning that I

couldn't love you.”

Para iyong pagdiin sa isang pasa na hindi pa magaling. Bakit ba hindi na lang ito tumahimik? Tumawa siya, iyong tawang puno ng pait at sakit pero wala nang lakas na lumaban pa. “Yes, Jace, I remember. I remember you clearly saying it’s going to be just sex. And it was just sex. Nothing but dirty, *lurid* sex and it’s my fault—”

“Stop.”

“What the hell do you want? A f\*cking closure? I know it’s my fault, too! Do you want me to say sorry about that too? Well, I am. I was young and stupid and I’m sorry. I wish I never met you. I wish I never went here that summer! I wish—”

Marahas nitong niliko ang sasakyan para iparada sa gilid ng malubak na kalsada. Bumaon ang seatbelt sa kanyang katawan sa pag-igkas niya paharap dahil sa talim ng pagpreno nito.

His face was inches from hers in a second, his face twisting into a snarl. “I wish I never met you, too. I wish you never came that summer. I wish you didn’t barge into my life—”

Umigkas ang palad ni Ava bago pa niya mapigilan. Marahas na bumiling ang mukha nito.

*Insensitive - Dior Madrigal*

---

She wanted him to hurt as much as she's hurting, to bleed as much as she was bleeding inside. Pero kahit ilang beses pa niya itong sampalin, hindi nito mararamdaman ang sakit na nararamdaman niya. He couldn't. It was just not possible. Iyong taong nagmamahal lang ang masasaktan. And he didn't love her.

“Well, I'm sorry.” Basag ang boses ni Ava pero masyado nang huli para magpanggap pa siyang walang pakialam sa nangyari sa kanila. “I'm sorry for ruining your perfectly peaceful life. I'm sorry if I trampled on her precious memories.”

Tiim-bagang niyang binaling ang titig sa labas ng bintana at hindi na muling nagsalita.

---

Halos sirain niya ang seatbelt para kalasin iyon. Hindi pa rin tuluyang nakakahinto ang pick-up ni Jace nang pabalibag niyang buksan ang pinto at tumalon siya patakbo sa porch.

Nagkulong siya sa kanyang silid matapos iyon.

Sa awa ng langit, tulog ang lolo niya nang dumating siya at kagigising din lang nito nang magawa niyang lumabas ng kanyang kuwarto. Kalmado na siya kahit papaano.

*Insensitive - Dior Madrigal*

---

Tumawa siya, ngumiti at nakipagkuwentuhan sa kanyang lolo habang pinipilit niyang kumain. Hindi niya hahayaang sirain ni Jace ang kanyang mood para makasama ang taong ito na nagmamahal sa kanya.

Hinayaan na niyang gawin iyon ng lalaki noon.

Hindi na niya hahayaang maulit pa iyon.